



Santa Clara  
Family Health Plan  
*The Spirit of Care*

***Paggamot sa Kalusugan ng  
Pag-uugali para sa Autism  
Spectrum Disorder***

Saklaw na ngayon ng SCFHP ang paggamot sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health treatment (BHT)) para sa autism spectrum disorder (ASD). Kabilang sa paggamot na ito ang applied behavior analysis at serbisyong nakabatay sa katunayan. Ibig sabihin nito ay nasuri na ang mga serbisyo at naipakita na sa trabaho. Dapat mapaunlad o mapanumbalik ng mga serbisyo, hangga't maaari, ang araw-araw na pagkilos ng isang Miyembro na may ASD.

Ang mga serbisyo sa BHT ay dapat na:

- Medikal na kinakailangan; at
- Inireseta ng isang lisensiyadong doktor o lisensiyadong psychologist; at
- Inaprobahan ng Plano; at
- Ibinigay sa paraang sumusunod sa plano ng paggamot sa Miyembro na inaprobahan ng Plano.

Maaari kang maging kuwalipikado para sa mga serbisyo sa BHT kung:

- Wala ka pang 21 taong gulang; at
- Magkaroon ng diyagnosis para sa ASD; at
- Mayroong mga pag-uugaling nakakahadlang sa pamumuhay sa tahanan o komunidad. Kabilang sa mga halimbawa ay galit, karahasan, pinsala sa sarili, paglalayas, o hirap sa mga kasanayan sa pamumuhay, paglalaro at/o mga kasanayan sa komunikasyon.

Hindi ka kuwalipikado para sa mga serbisyo sa BHT kung ikaw ay:

- Hindi medikal na matatag; o
- Kailangan ng 24 na oras na medikal o serbisyo sa pangangalaga; o
- Mayroong kapansanan sa pag-iisip (ICF/ID) at kailangan ng mga pamamaraang isinasagawa sa ospital o sa intermediate care facility.

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga serbisyo sa BHT sa pamamagitan ng Regional Center, patuloy na ibibigay ng Regional Center ang mga serbisyong ito hanggang sa may mabuong plano para sa paglipat. Magkakaroon ng karagdagang impormasyon sa panahong iyon.

Maaaring tumawag sa SCFHP kung mayroon kang mga katanungan o hilingin sa iyong Primary Care Tagapagbigay ang pag-screen, diyagnosis at paggamot sa ASD. Maaari kang makipag-ugnayan sa isang kinatawan ng Member Services anumang araw maliban kung Linggo, 8:30 a.m. hanggang 5:00 p.m. (hindi kasama ang mga araw na walang pasok), sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-260-2055**. Ang TTY ay **1-800-735-2929**.

Walang babayaran ang Miyembro para sa mga serbisyong ito.